# Maging Alerto sa Panloloko Pagkatapos ng Sakuna

**Release Date: Oktubre 1, 2022**

**ATLANTA –** Dapat malaman ng mga nakaligtas sa sakuna na maaaring subukan ng mga manloloko at kriminal na kunin ang pera o nakawin ang personal na impormasyon sa pamamagitan ng panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan pagkatapos ng sakuna. Sa ilang kaso, maaaring sumukan ng mga magnanakaw na mag-apply para sa tulong sa FEMA gamit ang mga pangalan, address, at Social Security number na ninakaw nila sa mga nakaligtas.

Kung pumunta ang isang Inspektor ng FEMA sa iyong tahanan at hindi isinumite ang aplikasyon sa FEMA, maaaring nagamit ang iyong impormasyon nang hindi mo nalalaman upang lumikha ng aplikasyon sa FEMA. Kung gayon, mangyaring ipaalam sa inspektor na hindi ka nag-apply para sa tulong ng FEMA nang sa gayon ay maisumite nila ang kahilingan upang mapahinto ang higit pang pagpoproseso ng aplikasyon.

Kung hindi ka nag-apply para sa tulong ngunit nakatanggap ng liham mula sa FEMA, mangyaring tawagan ang FEMA Helpline sa 800-621-3362. Isusumite ng helpline ang kahilingan para mapahinto ang anumang higit pang pagpoproseso ng aplikasyong iyon.

Kung gusto mong mag-apply para sa tulong ng FEMA pagkatapos pahintuin ang aplikasyong ginawa sa ngalan mo nang hindi mo nalalaman, tutulungan ka ng Helpline sa paggawa ng bagong aplikasyon.

**Mga Scam**

Ang mga pangkat ng FEMA na Tumutulong sa Nakaligtas sa Sakuna, mga inspektor sa pabahay at iba pang opisyal ay magtatrabaho sa mga lugar na naapektuhan ng Bagyong Ian sa Florida. May dala silang mga opisyal na badge ng pagkakakilanlan na may litrato. Ang FEMA at ang mga kinatawan ng U.S. Small Business Administration **ay hindi kailanman sinisingil ang mga aplikante para sa tulong sa sakuna, mga inspeksyon o tulong sa pagpunan ng mga**

aplikasyon.

**Huwag paniniwalaan ang sinumang nangangako ng gawad sa sakuna kapalit ng bayad.**

**Mag-ingat sa mga hindi inaasahang tawag sa telepono o mga pagbisita sa iyong tahanan mula sa mga taong nagsasabing** sila ay mga inspektor sa pabahay ng FEMA o mga taong nagsasabing nagtatrabaho sila sa FEMA. Hawak ng mga kinatawan ng FEMA ang numero ng iyong aplikasyon sa FEMA.

Huwag ibigay ang impormasyon tungkol sa iyong bangko sa isang taong nagsasabing sila ay inspektor sa pabahay ng FEMA. Hindi kailanman inawtorisahan ang mga inspektor ng FEMA na kolektahin ang iyong personal na pinansyal na impormasyon.

Kung naniniwala kang biksima ka ng isang scam, iulat ito agad sa iyong lokal na departamento ng pulisya o sheriff o makipag-ugnayan sa Office of the Attorney General sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-9-NO-SCAM (1-866-966-7226) o bisitahin ang myfloridalegal.com. Para maghain ng reklamo sa panloloko, pumunta online sa Scam Report (myfloridalegal.com).

Kung may pinaghihinalaan kang aktibidad ng panloloko na kinasasangkutan ng FEMA, iulat ito sa Sangay para sa Panloloko ng FEMA sa: StopFEMAFraud@fema.dhs.gov, fax: (202) 212-4926 o sumulat sa: FEMA Fraud and Internal Investigation Division, 400 C Street SW Mail Stop 3005, Washington, DC 20472-3005.

Kung may pinaghihinalaan kang pagnanakaw sa pagkakakilanlan, mangyaring bisitahin ang Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan (Identity Theft) | Impormasyon ng FTC para sa Konsumidor (FTC Consumer Information) o IdentityTheft.gov.

Para sa impormasyon tungkol sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian, bisitahin ang floridadisaster.org/info and fema.gov/disaster/4673. Subaybayan ang FEMA sa Twitter sa FEMA Region 4 (@femaregion4) / Twitter at sa facebook.com/fema.